


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 1: Ang Pagmamahal ng Diyos



Edukasyon sa Pagpapakatao 10
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 1: Ang Pagmamahal ng Diyos
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Lily Ann B. Marcos
Editor: Annie Rose B. Cayasen
Tagalapat: Celeste Faith R. Almanon
Tagapamahala: May B. Eclar
Benilda M. Daytaca
Carmel F. Meris
Rosita C. Agnasi
Edgar H. Madlaing
Rizalyn A. Guznian
Sonia D. Dupagan
Erlinda C. Quinuan
Vicenta C. Danigos

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon- Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera
Office Address: Wangal, La Trinidad, Benguet
Telefax: (074) 422 – 4074
E-mail Address: car@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 1:
Ang Pagmamahal ng Diyos**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Ang pagmamahal ng Diyos ay maituturing na pinakamahalagang batayan upang maisabuhay ng tao ang kaniyang kaganapan at tumugon sa kalooban ng Maykapal. Ito rin ay nagbubuklod sa lahat ng tao at nagsisilbing sandigan upang pag-isahin ang puso ng bawat isa sa pamamagitan ng pag-ibig.

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kasanayang pampagkatuto:

1. Nakapagpapaliwanag ng kahalagahan ng pagmamahal ng Diyos (MELC 9.1).
2. Natutukoy ang mga pagkakataong nakatulong ang pagmamahal sa Diyos sa kongkretong pangyayari sa buhay (MELC 9.2)



Subukin

PANUTO: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang salitang **TAMA** kung wasto ang ipinapahayag ng pangungusap at **MALI** naman kung ang isinasaad ng pahayag ay mali. Kung may maling sagot bigyang ng maikling paliwanag kung bakit mali ang isinasaad ng pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Ang pagmamahal ng Diyos sa sanlibutan ay umaapaw, inosente puro, hindi nababagabag at walang hangganan.
- _____ 2. Ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay kahayagan ng Kaniyang kalikasan.
- _____ 3. Nababago ng pagmamahal ng Diyos ang mga masasama at may paninibugho na nararamdaman sa kapwa.
- _____ 4. Ang pagmamahal ng Diyos ay nakapagbibigay lunas o kagalingan at pagbabago sa buhay ng tao.
- _____ 5. Ang buhay ay sagrado at pinakamahalagang biyayang kaloob ng Diyos sa tao.
- _____ 6. Nilikha at hinubog ng Diyos ang tao na kawangis ng ibang bagay gamit ang mapagpala Niyang kamay kaya naging espesyal ang itsura nito.

- _____7. Maraming nagsasabi na napakahirap ng kanilang kalagayan sa buhay at para matugunan ang mga pangangailangan ay kinakailangan nilang magsumikap sa pagtatrabaho at paghahanap-buhay kaya hindi na kinakailangang maglaan ng maraming panahon para sa Diyos dahil maunawain naman ang Siya.
- _____8. Ang buhay ng tao ay mayroong tunay na pananagutang panlipunan.
- _____9. Pinadadalisay ang puso ng bawat tao upang magmahal ng tunay sa kapwa.
- _____10. Sa pamamagitan ng pagmamahal sa Diyos, tayo'y nagkakaroon ng kakayahan na magmahal sa kapwa tao.

Aralin

1

Pag-unawa sa Pagmamahal ng Diyos



Balikan

Natutunan mo sa huling bahagi ng modyul sa Ikalawang markahan ang tungkol sa pagsusuri sa kabutihan o kasamaan ng sariling pasya o kilos sa isang sitwasyon batay sa layunin, paraan at sirkumstansya.

Bago natin pag-aralan ang nilalaman ng modyul na ito, sagutin mo muna ang katanungan sa ibaba bilang balik-aral.

1. May nagawa ka ba na mabuti sa iyong pamilya o kaibigan o kaya kapit-bahay itong nakaraang Linggo? Ano ang layunin mo bakit mo ginawa iyon?

2. Masaya ka ba sa naging resulta ng kilos mo? Ano ang batayan ng kilos mo bakit ginawa mo iyon?



Tuklasin

GAWAIN 1: Palalimin ang Pag-unawa

PANUTO: Basahin at unawain ang liham na nasa sa ibaba at isulat ang naunawaan mong mensahe nito. Magbigay lamang ng tatlo (3) at isulat ito sa guhit- puso.


Mahal kong anak,

Mula pa sa sinapupunan ng iyong ina ay minamahal na kita. Kahit ang bilang ng iyong mga buhok ay nalalaman ko at maging ang iyong kapalaran at ang iyong buhay ay nasa aking palad. Batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo, mga planong hindi mo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito'y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa.

Mahal kita anak at kailanman ay hindi kita pababayaan. Palagi mo sanang tandaan ito.

Lubos na nagmamahal sa iyo,

Ang iyong Ama sa langit



Tala Mula sa Guro

Sa modyul na ito ay mabibigyang-linaw ang iyong kaalaman tungkol sa kahalagahan ng pagmamahal ng Diyos at matukoy mo ang ilang pagkakataong nakatulong ang pagmamahal sa Diyos sa kongkretong pangyayari sa iyong buhay.



Suriin

PANUTO: Basahin ang akda at suriin ang mensahe nito tungkol sa pagmamahal ng Diyos sa atin.

Akda 1. Ito ay hango mula sa isang overblog na isinulat ng Pangkat Pagka-kaisa noong Oktubre 7, 2015 na may pamagat na “Ang Dakilang Pag-ibig”

ANG DAKILANG PAG-IBIG

OCTOBER 7 2015

Hango mula sa Isinulat ng Pangkat Pagkakaisa mula sa Overblog

<http://tunaynapagibig-com.over-blog.com/2015/10/ang-dakilang-pag-ibig-3.html>,

halaw Enero 21,2021

Naranasan mo na bang umibig? Naranasan mo na rin ba ang pa-kiramdam ng iniibig? Natural sa ating mga tao ang umibig at napakasarap sa pakiramdam ang maramdaman ang pagmamahal ng mga tao sa ating buhay tulad na lang ang pagmamahal ng ating mga magulang, kaibigan, kasintahan at marami pang iba.

Subalit may pinakadakilang pag-ibig sa lahat ng uri pag-ibig. Kani-nong pag-ibig itong pinakadakila sa lahat? Ito ang ating pag-uusapan. Ang pag-ibig na dakila at natatangi sa lahat ay ang pag-ibig ng ating Diyos. Na-pakadakila at dalisay ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan at hindi Niya tayo pinapabayaan na mapahamak na lang at mapasa-apoy ng impyerno. Hinarap Niya ang lahat ng paghihirap na dapat tayo ang dumaranas, lahat ng latay at sugat sa kanyang katawan ay lahat ng iyon ay tiniis at tinanggap Niya para sa ating kaligtasan na sa halip na tayong mga tao ang dapat magdusa dahil sa ating mga kasalanan. Patuloy pa rin tayong minamahal ng ating Panginoon at sa kabila ng ating patuloy na pagkakasala ay palagi pa rin Niya tayong pinapawatad lalo na kapag atin itong idinulog at ihinihingi ng tawad sa Kanya. Subalit, nais ng Diyos at mas kinalulugdan Niya tayo kung nagagawa nating magpatawad ng ating kapwa anuman ang pagkakasalang nagawa nila sa atin at tayo rin ay Kanyang papatawarin (Mateo 6:14)

Dahil sa pagmamahal ng Diyos sa atin ay patuloy Niyang pinagkaka-loob sa atin ang ating mga pangangailangan at tayo ay pinagpapala Niya sa lahat ng aspeto ng ating buhay, sa pinansyal, materyal, maging ang ating talino at karunungan ay Siya rin ang nagbigay. Palagi Niya rin tayong ini-ingatan at pinapatnubayan saan man tayo pumaroon at sa lahat ng panahon ng ating buhay.

Higit sa lahat, sa Diyos natin nararanasan ang Dalisay na pagmama-hal. Ang pagmamahal ng Diyos sa sanlibutan ay umaapaw, inosente, puro, hindi

nababagabag at walang hangganan. Minahal tayo ng Diyos kaya nila-lang at hinubog Niya ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, mula sa abo at saka Niya ibinigay ang hininga ng buhay (Genesis 1:27) at ayon sa Jeremias 29: 11, maging ang ating kinabukasan ay naplano na Niya, “Sapagkat batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo, mga planong hindi mo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito'y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa”. (Jeremias 29: 11).

Dahil sa nararamdaman nating pagmamahal ng ating Diyos ay na-rarapat lamang mahal din natin Siya. Mahalin natin Siya dahil siya ang unang umibig at nagmamahal sa ating lahat at sunod na rito ang pagmamahal natin sa ating kapwa. Kaya rin natin nararanasan ang iba't-ibang uri ng pag-ibig sa ating magulang, kapatid, kaibigan, kasintahan at marami pang iba dahil ito ay regalo sa atin ng Diyos.

Akda 2: Ito ay hango mula 2021 One Reason · An iERA Project


ANG PAGMAMAHAL NG DIYOS

Hango mula sa onereason.org/uncategorized-ph-fi/
<https://onereason.org/uncategorized-ph-fi/ang-pagmamahal-ng-diyos/?lang=ph-fi>, hinalaw noong Enero 21, 2021

Ang pagmamahal ng Diyos ay nakahihigit sa lahat ng uri ng pagmama-hal, kabilang ang pagmamahal ng isang ina. Ang pagmamahal ng ina, bagama't hindi makasarili, ang pagmamahal niya ay batay sa kanyang panloob na pangangailangan upang mahal ang kanyang anak. Ito ay lu-mulubos sa kanya, at sa pamamagitan ng kanyang mga sakripisyo, kanyang nararamdaman ang kabuuan at katuparan. Ngunit kapag ating pag-uusapan ang tungkol sa pagmamahal ng Diyos, ang Diyos ay isang na-tatanging umiiral na sapat sa sarili at perpekto. Hindi Siya nangangailangan ng anumang, ang Kanyang pagmamahal ay hindi nababatay sa isang pangangailangan o pagnanais; ito samakatuwid ay ang dalisay na uri ng pagmamahal. Ngunit, upang lubos na mayakap ang pagmamahal na yaon, at upang maging makabuluhan, kailangan mong mahal Siya at sundin ang landas na magdadala sa Kanyang pagmamahal. Ang pagmamahal ay ipinahahayag sa mga pagkilos; ang isang taong nagmamahal sa iyo ay magpapakita ng kanilang pagmamahal. Ang isang malinaw na tanda ng pagmamahal sa Diyos ay gawing tanging Siya lamang ang nag-iisang ating sinasamba. Sa Islam, ang pagsamba ay isang komprehensibong katagang tumutukoy sa pagkilala sa Diyos, pagmamahal sa Diyos, pagsunod at pagpapasakop sa Kanya at pakikiisa sa lahat ng mga pagkilos na para sa Kanya lamang. Anumang kabutihan na ating ginagawa ay maaaring maging isang gawang pagsamba, maging ito ay pagpupuri sa Diyos, pagiging mabuti sa ating mga magulang at pamilya, pagninilay sa kalikasan, pagbibigay ng kawanggawa, pag-aayuno, pag-ngiti, paghahanap ng mga medikal na lunas, o maging pag-iisip ng mabuting mga kaisipan tungkol sa Diyos at pagpapatawad sa pagkakamali ng mga

tao. Ang lahat ng mga ito ay itinuturing na pagsamba, kung ang mga ito ay ginagawa para sa kapakanan ng Diyos.

“At ang inyong Diyos ay ang nag-iisang Diyos: walang ibang diyos maliban sa Kanya, ang Panginoon ng Awa, ang Tagapagbigay ng Awa. Sa pagkakalikha ng mga Kalangitan at mga Kalupaan; at sa pagsasalitan ng gabi at ng araw; at sa mga sasakyang-dagat na naglalayag sa karagatan na may dalang mga pakinabang para sa mga tao; ang tubig na ipinadala paba-ba mula sa langit upang magbigay-buhay sa lupa nang ito ay natigang, at sa lahat ng uri ng mga nilikhang gumagala na Kanyang ikinalat doon; at sa pagbabago ng mga hangin at ng mga ulap na sunud-sunuran sa Kanyang kautusan sa pagitan ng kalangitan at ng kalupaan; naririto ang mga pal-atandaan para sa lahat ng ito para sa mga taong nakauunawa; Magkagayon, may ilang mga mas piniling magtambal sa iba bukod sa Diyos bilang Kanyang mga kapantay, kanilang minamahal ang mga ito tulad ng kanilang pagmamahal sa Diyos, ngunit, yaong mga tunay na naniniwala ay higit na masidhi ang kanilang pagmamahal sa Diyos.” Ang Qur’an, Kabanata 2, Talata 163 – 165



Pagyamanin

GAWAIN 2: “Pag-ibig ng Diyos, Kaluguran ko”

PANUTO: Mula sa dalawang akda na nabasa mo sa Suriin, anu-ano ang mga kahalagahan ng pagmamahal ng Diyos na naipaliwanag sa nabasa mo? Gumawa ka ng sanaysay tungkol dito, sundin ang pormat sa paggawa ng sanaysay may simula, nilalaman at pangwakas na bahagi. Ang magiging pamagat ng sanaysay ay, “Kahalagahan ng Pagmamahal ng Diyos”

Kahalagahan ng Pagmamahal ng Diyos

Pamagat

A large, empty rectangular box with rounded corners and a decorative scroll-like top edge. It is intended for the student to write their answer to the assignment.

Pamantayan sa pagbibigay puntos sa sanaysay sa Gawain 2

15 napakahusay	10 mahusay	7 hindi mahusay
Ang lahat ng sagot sa kabuuan ay pagpapaliwanag nang lubos sa kahalagahan pagmamahal ng Diyos.	Ang sagot sa kabuuan ay naglalaman ng isa na hindi pagpapaliwanag nang lubos na kahalagahan ng pagmamahal ng Diyos.	Ang sagot sa kabuuan ay naglalaman ng dalawa o higit na hindi pagpapaliwanag nang lubos sa pagmamahal ng Diyos.
Malinis, tama ang pangungusap at pagkapantig ng salita	Hindi gaanong malinis, at may isa na mali ang pagkasulat ng pangungusap at pagkapantig ng salita	Sa kabuuan ay hindi malinis, at may higit sa dalawa na mali ang pagkasulat ng pangungusap at pagkapantig ng salita
Nasunod ang pormat ng sanaysay (simula, nilalaman at panwakas na bahagi)	Dalawa lamang na bahagi ng sanaysay ang ginawa.	Hindi sinunod ang tamang paggawa ng sanaysay.

Gawain 3: “Pagmamahal ng Diyos, Kalakasan Ko”

PANUTO: Sino si **Oratio G. Spafford** na sumulat ng awiting, *“It is Well with My Soul”* at kung bakit niya sinulat ang kantang ito? Isa lamang si Ginoong Spafford sa bilyong-bilyong tao na nagpapatunay na buhay at mayroong Diyos na tunay na nagmamahal at kailanman ay hindi nagpapabaya. Basahin at Unawain ang kuwento sa ibaba o maari mo itong panoorin sa “You Tube”, pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

“It is Well with My Soul”

Hango mula sa websit na <https://www.thetabernaclechoir.org/articles/it-is-well-with-my-soul.html>

Isinalin sa Filipino ni Lily Ann Marcos

Si Ginoong Oratio G. Spafford ay isang matagumpay na abogado at negosyante sa Chicago kasama niya ang kanyang asawang si Anna. Mayroon silang limang anak subalit katulad ng ibang tao alam nila na hindi sila ligtas sa anumang panganib at problema. Noong 1871, ay namatay ang kanilang bunso sa sakit na pulmonya at sa pareho ring taon ay bumagsak ang kanilang negosyo. Subalit, sa awa at pagmamahal ng Diyos sa kanila ay muli silang nakabangon at lumago pa ang kanilang negosyo.

Noong Nobyembre 21, 1873, ang French ocean liner, Ville du Havre ay naglayag sa Atlantic mula United State papuntang Europa lulan ang pasaherong may bilang na 313. Kabilang sa pasahero ng barko ay sina Gng. Anna Spafford at ang apat nilang anak. Hindi nila kasama sa pagkakataon na iyon si Ginoong Spafford dahil nagpaiwan siya sa Chicago upang asikasuhin muna ang kanilang negosyo at napag-usapan na lamang nila na susunod siya at magkikita-kita sila sa Europa.

Sa pang-apat na araw ng paglalayag ng barko sa Atlantic, bumunggo ang French ocean liner, Ville du Havre sa barkong Scottish na yari sa matibay na bakal. Nalagay sa panganib lahat ang mga pasahero kabilang si Anna at ng kanyang apat na anak. Sa loob lamang ng 12 minuto lumubog ang barko kasama ang 112 na pasahero at ang mga anak ng mag-asawang Spafford. Subalit nasaan si Anna? Siya ay natagpuang buhay ng isang manlalayag na palutang-lutang sa dagat na nakakapit sa munting piraso ng nasirang barko

Pagkapaos ng siyam na araw ay nakarating sina Anna sa Cardiff, Wales na kasama ang iba pang pasaherong nakaligtas, kabilang na si Pastor Weiss. Sinabi ni Anna sa Pastor na, “Bakit *ibinigay ng Diyos ang aking limang anak subalit binawi Niya*” at sinabi ng Pastor sa kanya, “*Balang- araw malalaman mo rin ang kasagutan mula sa Diyos*”

Habang naglalayag ang barkong sinakyan ng mag-asawa na pabalik sa United States, naisalaysay ng kapitan ng barko kay Ginoong Spafford kung saan banda lumubog ang barkong French ocean liner, Ville du Havre. Muling naramdaman ng mag-asawa ang pighati dulot ng pagkamatay ng kanilang mga anak lalo pa at sabay-sabay silang nawala. Bagamat tunay na masakit sa kanilang kalooban ang mga pangyayari ay hindi sila nagtanong sa Diyos, hindi sila namuhi sa Diyos, hindi rin sila tumalikod sa pananampalataya bagkus ay lalo silang nagtiwala at nanalig sa Panginoon.

Habang sila ay naglalayag, isinulat ni Oratio Spafford ang kantang, “It is Well with My Soul.” Muling nanganak si Anna ng tatlong pang mga supling. Namatay ang isa sa kanyang mga anak noong apat na taon ito dahil sa sakit na pulmonya. Noong Agosto 1881, lumikas ang mga Spafford sa Jerusalem, doon na sila nanirahan at doon din sila ihinimlay. Narito ang liriko ng Kantang “It is Well with My Soul.”

It is Well with My Soul

When peace like a river attendeth my way
When sorrows like sea billows roll
Whatever my lot, thou hast taught me to say
It is well, it is well with my soul

It is well (it is well)
With my soul (with my soul)
It is well, it is well with my soul

Though Satan should buffet, though trials should come
Let this blest assurance control
That Christ (yes, He has) has regarded my helpless estate
And has shed His own blood for my soul

It is well (it is well)
With my soul (with my soul)
It is well, it is well with my soul

My sin, oh the bliss of this glorious thought (a thought)
My sin, not in part, but the whole (every bit, every bit, all of it)
Is nailed to the cross, and I bear it no more (yes!)
Praise the Lord, praise the Lord, O my soul!

It is well (it is well)
With my soul

Mga katanungan: Sagutin sa iyong sagutang papel.

1. Mula sa kuwentong binasa, Anu-ano ang mga naranasang pagsubok ng mag-asawang Spafford?

2. Anu-ano ang mga patunay na hindi pinabayaan ng Diyos ang mag-asawang Spafford?

3. Sa palagay mo, tama ba na hindi namuhi at tumalikod ang mag-sawa sa Diyos sa kabila ng mga hindi kanais-nais na mga pangyayari sa kanila? Ipaliwanag ang sagot.

4. Batay sa liriko ng awit na nilika ni Oratio Spafford, anu-ano ang naging reyalisasyon niya sa mga nangyari sa kanilang buhay? Ipaliwanag.

5. Anu-ano ang mensahe/aral na natutunan mo mula sa buhay ng mag-asawang Spafford?

Rubrik sa pagbibigay ng puntos sa gawain 3

5 napakahusay	4 mahusay	3 Hindi mahusay
Ang sagot sa kabuuan ay tama, o buong husay na naipaliwanag at nakasulat ng buong pangungusap. Malinis at walang mali sa baybay at pagkapantig ng salita	Ang sagot sa kabuuan ay hindi gaanong tama, o hindi buong husay na naipaliwanag at ilan sa sagot ay parirala o di-nakasulat ng buong pangungusap. Hindi gaanong malinis at may mali sa baybay at pagkapantig ng salita	Ang sagot sa kabuuan ay hindi tama, o hindi buong husay na naipaliwanag at karamihan sa sagot ay parirala o di-nakasulat ng buong pangungusap. Hindi malinis sa kabuuan at maraming mali ang baybay at pagkapantig ng salita

GAWAIN 4: Pagsusuri at Pagninilay

PANUTO: Ipikit ang mga mata at igala ang kaisipan sa mga kasalukuyang nangyayari sa ating bansa. Nasagi ba sa isip mo ang kasalukuyang nagaganap na pandemya sa ating bansa at sa buong mundo? Tukuyin at ilarawan ang mga konkretong sitwasyong nagpapakita ng kahalagahan ng pagmamahal ng Diyos at paano ito nakatulong ng malaki sa mga pangyayari kagaya ng kasalukuyang nagaganap sa mundo.

Sitwasyon:

Sa kasalukuyang panahon ng pandemya, marami ang nahawa sa *virus na covid-19*, marami rin naman ang nagamot ngunit marami din ang namatay. May namatayan ng magulang, kapatid, anak o kamag-anak na nagbigay pighati sa bawat miyembro ng pamilya. Marami ang nawalan ng trabaho, walang makain ang pamilya at gumastos pa ng malaki dahil sa bayarin sa ospital dahil sa pagkakaroon ng virus. Bukod dito, marami pang ibang paghihirap at masasamang karanasan ang dulot ng kasalukuyang pandemya.

Sa mga kaganapan na ito, anu-ano ang mga kongkretong pangyayari na nararanasan mo subalit naipapakita pa rin ang patuloy na pagmamahal ng Diyos sa kabila ng mga problemang sumasapit sa atin.

Ilahad ang mga pangyayari na ito at ipaliwanag kung paano mo naging kalakasan ang Diyos sa panahon ng pandemya.


Pamantayan sa pagbibigay ng puntos sa Gawain 4

10 napakahusay	7 mahusay	3 Hindi mahusay
Nailalahad ng napahusay ang sagot at detalyadong naibigay ang lahat ng sagot batay sa katanungan.	Nailalahad ng mahusay ang sagot at hindi masyadong detalyado ang ibinigay na sagot batay sa katanungan.	Ang sagot ay hindi akma sa katanungan at hindi detalyado ang mga sagot.



Isaisip

PANUTO: Gumuhit ng sariling “**Fishbone diagram**” sa loob ng kahon. Sa itaas na bahagi ng iyong Fishbone diagram ay magsulat ng limang (5) kaalaman na natutunan mo sa aralin. Sa ibabang bahagi ng fishbone diagram ay magsulat ka ng limang (5) mga masamang kaisipan na dapat iwasan dahil ito ay hindi kaaya-aya sa Diyos.



Isagawa


PANUTO: Mayroon ka bang naging karanasan o pangyayari sa buhay mo o ng inyong pamilya subalit nalagpasan mo o ng inyong pamilya? Isalaysay ito at isulat din ang nakita mong naging tugon ng Diyos sa inyo bilang patunay na minamahal at hindi tayo kailanman pinababayaan ng Diyos.

1. Isalaysay mo kung ano ang karanasan/pangyayari sa iyong buhay ng inyong pamilya na inyong nalagpasan dahil sa tulong at pagmamahal ng Diyos.

2. Ilahad ang patunay na hindi ka pinabayaan ng Diyos noong panahong dinanas mo o ng inyong pamilya ang pangyayari.

Pamantayan ng pagbibigay ng iskor sa bawat bilang

5 napakahusay	4 mahusay	2 Hindi mahusay
<p>Naisasalaysay ng maayos at detalyado ang mga sagot</p> <p>Tama ang pagkagawa ng mga pangungusap at mga salita.</p>	<p>Naisasalaysay ang pangyayari subalit hindi detalyado ang sagot.</p> <p>May mga maling pagkagawa ng mga pangungusap at mga salita.</p>	<p>Magulong naisalaysay ang pangyayari at hindi rin detalyado ang sagot.</p> <p>Walang kaayusan sa pagsulat ng mga pangungusap at mga salita.</p>




Tayahin

PANUTO: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang salitang **TAMA** kung wasto ang ipinapahayag ng pangungusap at **MALI** naman kung ang isinasaad ng pahayag ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Ang pagmamahal ng Diyos ay sentro ng pananampalataya.
- _____ 2. Nakaplano ang lahat ng ginagawa ng Diyos, patunay ng Kanyang walang hanggang pagmamahal sa Kanyang mga nilalang.
- _____ 3. Nababago ng pagmamahal ng Diyos ang mga hindi kanais nais na gawain ng isang tao.
- _____ 4. Pinadadalisyang puso ng bawat tao upang magmahal ng tunay sa kapwa.
- _____ 5. Ang kahalagahan ng pagmamahal ng Diyos ay ang pagbabago sa kamalayan ng tao.
- _____ 6. Upang mapaunlad ang pagmamahal ng tao sa Diyos, kinakailangang palaging nakabukas ang kaisipan ng tao sa pagbabago.
- _____ 7. Ang pagsubok ay tanda ng pagmamahal ng Diyos sa tao.
- _____ 8. Ang pagmamahal sa Diyos ay nagbibigay pag-asa para banan ang pagsubok sa buhay.
- _____ 9. “Ang Diyos ay pag-ibig at ang buhay ay pag-ibig”, ibig sabihin ay nubuhay ang tao upang umibig at magmahal sapagkat mula pa sa pagkasilang, kakambal na ng tao ang tunay na kahulugan ng pag-ibig.
- _____ 10. Sa aklat ng Juan sa Bibliya ay nakasulat doon ang paglikha ng Diyos sa sanlibutan at ang pagkalikha ng tao nana kawangis ng Diyos.
- _____ 11. Hindi na natin kailangang humingi ng kapatawaran sa pagkakamali natin sa ibang tao sapagkat mapagmahal ang Diyos at handang magpatawad sa ating mga kasalanan.
- _____ 12. Ang pagmamahal ng Diyos ay walang kinikilingan, ito ay pantay-pantay.


- _____ 13. Nababago ng pagmamahal ng Diyos ang mga masasamang kaisipan at panibughong nararamdaman sa kapwa.
- _____ 14. Ang pagmamahal ng Diyos ay nakapagbibigay lunas o kagalingan at pagbabago sa buhay ng tao.
- _____ 15. Ang buhay ay sagrado at ito ay pinakamahalagang biyayang kaloob ng Diyos sa tao.



Karagdagang Gawain

PANUTO: Bumuo ng isang slogan na binubuo ng sampu (10) hanggang labinlimang (15) salita gamit ang temang “Pag-ibig ng Diyos ay hindi nagmamaliw”. Gawin ito sa maikling bunong (short coupon bond).

Pamantayan sa Pagmamarka ng Slogan		
Partikular	Deskripsyon	Puntos
Nilalaman	Mabisang naipakita ang mensahe	5
Pagkamalikhain	Maganda at malinaw ang pagkakasulat ng mga titik	5
Kalinisan	Malinis ang pagkakabuo	5



Susi sa Pagwawasto

1. tama
2. tama
3. mali
4. tama
5. tama
6. mali
7. mali
8. tama
9. tama
10. mali
11. mali
12. tama
13. mali
14. tama
15. tama

Tayahin

1. tama
2. tama
3. tama
4. tama
5. tama
6. mali
7. mali
8. tama
9. tama
10. tama

Subukin

Sanggunian

Ang Biblia. 2001.

"Modyul 12: Espiritwalidad at Pananampalataya." In *Edukasyon sa Pagpapakatao 10 Modyul para sa mga mag-aaral*. 2015.

onereason.org. 2021. [Onereason.org/uncategorized-ph-fi/](https://onereason.org/uncategorized-ph-fi/), Ang Pagmamahal ng Diyos, <https://onereason.org/uncategorized-ph-fi/ang-pagmamahal-ng-diyos/?lang=ph-fi>, hinalaw noong Enero 21, 2021 .

The Tabernacle Choir. 2021. <https://www.thetabernaclechoir.org/articles/it-is-well-with-my-soul.html>.

tunaynapagibig.com. Oktubre 7, 2015. <http://tunaynapagibig-com.over-blog.com/2015/10/ang-dakilang-pag-ibig-3.html>, halaw Enero 21,2021 (accessed Enero 21, 2021).

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph